REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
DEPARTMENT OF TRANSPORTATION AND COMMUNICATIONS

MARITIME INDUSTRY AUTHORITY

PRESS RELEASE 2015-012
March 2015

Contact: Atty. Jabeth A. Dacanay
Deputy Executive Director, STCWO
Chief of Staff, Office of the Administrator
MARITIME INDUSTRY AUTHORITY (MARINA)
Tel. No. 523.9078
Email: oadm13@gmail.com

JSMEA NAGPASALAMAT SA MARINA AT SHIPOWNERS

Taus-pusong nagpasalamat ang Japan Ship Machinery & Equipment Association (JSMEA) sa Maritime Industry Authority (MARINA) sa maganda at mainit na pagtanggap nito sa naturang samahan sa ginanap na seminar sa makinarya at kagamitang pang –barko kamakailan sa Diamond Hotel, Malate, Manila na lalong nagpatingkad at naglapit na relasyong pang-maritima, ng Pilipinas at Japan (Hapon).

Sa kanyang talumpati, binigyang-diin ni JSMEA Chairman Motoyoshi Nakashima na napalaking bagay sa JSMEA at bansang Hapon ang pagkilala sa kanila ng MARINA, sa pangasiwaan ni Administrator Dr. Maximo Q. Mejia, Jr. (PhD), isang pangunaing maritime law and policy expert. “Ang pagkilala ng Pilipinas sa kalidad ng aming produkto at tuklasin ay tanda ng pagpapahalaga sa aming kakayahan. ito ay nakatala na sa kasysan ng JSMEA at nga bansang Hapon”, ani Nakishima. Pinasalamatan din Nakishima ang mga may-ari at kinatawan ng shipping company, domesric shipyards, directors and iba pang opisyal ng MARINA na dumalo sa seminar na malugod nakibahagi sa ‘Question & Answer’ forum, na humantong sa malusog na ‘interaction’.“ Ang Pilipinas ay pang-apat sa pinakamalaking ‘ship-building’ na bansa sa mundo.”,

Pinuri naman ni Dr. Mejia ang buong JSMEA sa pamumuno ni Nakashima sa pagsagawa ng seminar sa pakikipag-ugnayan sa MARINA Shipyards Regulations Service (SRS) sa ilalim ng pamumuno ni Director Ramon C. Hernandez sa pagpaplano, pag-aaral at pagdaos ng matagumpay na seminar.

Ang JSMEA ay may 241 regular members at 69 supporting members, ayon kay Nakashima. Sa 40 miyembro nito buhat sa 20 kompanya sa Japan, 10 ang nagsalita at naglatag ng kanilang ‘state- of- the- art’ na teknolohiya sa pamamagitan ng ‘power ponts’. May tinalakay din hinggil sa kanilang corporate social responsibility *(CSR).

Karamihan sa mga dumalo sa seminar at nakibahagi sa ‘interaction’ay mga professional marine engineers, naval architects, deck officers, quality product processing officers, regional directors at senior officers ng MARINA na naunawaan ang paglatag ng mga profile at uri ng ship machinery’ at ‘equipment’ ng grupong JSMEA.

Sa kamangha-manghang paglatag ng development program ng JSMEA presenters at ‘state-of-the-art’ m manufacturing method, nagbigay ito ng karagdagang antas ng kaalaman sa mga Pilipinong marine engineers at naval architects at iba pang maritime professionals hinggil sa mga makinarya at iba pang pangangailangan ng pangkargo man o pampasehero .

Nagbigay din ng talumpasting pang-inspirasyon si Director Masahiro Uesono ng International Office of the Ministry of Land, Infrastructure, Transp[ort and Tpurism , Maritime Bureau, kung saan binigyang diinn niya ang ‘maritime partnership’ ng Pilpinas at Japan, at inihayag ang patuloy na suporta ng kanilang bansa at JSMEA sa naturang gugnayan ng dalawang bansa. .

Para sa lahat ng lumahok na naturang seminar noong Peb. 12, isang JSMEA-MARINA Fellowship Night ang ginanap sa 27th floor ng Diamond Hotel, kungt saan nagpalitan ng malusog na ‘socialization’ ang mga kinatawan ng Pilipinas at Japan. Nagsalita at nanguna sa isang ‘toast’ of ‘hope and success’ si Department of Trade and Industry Undersecretary Ponciano Manalo, Jr. Sa kanyang mensahe, madiin niyang tinukoy ang matatag at matagal ng ugnayan ng dalawang bansa, kung saan pinuri niya ang naitulong nito sa kanilang ekonimiyang pang-maritima, kabilang na ang ‘ship building’ at ship ‘repair’. Nagbigay din ng mensaheng nakakataba ng puso sina G. Nakashima, G. Uesono at JSMEA vice chairmen Masaaki Matsui at Shinzo Yamda.-

Ikinatawan naman ni MARINA media relations officer (MERO) Eulogio ‘Yul’ Malicse si Administator Mejia sa naturang piging, samantalang si naval architect, Engr. Ma. Teresa Daguio-Mamisao, pangulo ng PH Society of Naval Architects and Marine Engineers (SONAME) at MARINA SRS senior officer si Director Hernandez.

_____

MARINA, MARITIME PHILIPPINES, we move the world

The Maritime Industry Authority is an attached agency of the Department of Transportation and Communications tasked to accelerate the integrated development of the maritime industry in the country. It has been implementing reforms and programs to transform the country’s domestic shipping industry to global competitiveness and the MARINA into a premiere maritime administration in Southeast Asia. For more information, visit marina.gov.ph.